

AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL NG OPEN HIGH SCHOOL PROGRAM SA PAMPUBLIKONG PAARALAN: ISANG ESTRATEHIYANG PLANO NG INTERBENSYON

DOI: 10.5281/zenodo.16153877

VIRGINIA D. CAYACAP

Mag-aaral, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0009-0003-9240-6429
virginia.cayacap@deped.gov.ph

MIRAFLORE I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)

Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0000-0002-9067-0184
saldumiraflore@gmail.com

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang ugnayan sa pagitan ng *demographic profile* at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Grade 12 Open High School Program (OHSP) ng Babag National High School, Lapu-Lapu City para sa taong panuruan 2024–2025. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong korelasyonal na disenyo na sinusuportahan ng kwalitatibong datos upang suriin ang kaugnayan ng mga demograpikong baryabol tulad ng edad, kasarian, katayuang sibil, at trabaho sa akademikong pagganap sa Ingles, Matematika, at Agham. Ipinakita ng resulta na karamihan sa mga kalahok ay kababaihan, may edad labinsiyam hanggang dalawampu't isa, walang asawa, at walang trabaho. Bagama't lahat ng mag-aaral ay pumasa, ang kanilang marka ay nasa katamtamang antas lamang. Gamit ang *chi-square test*, napatunayang walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng demographic profile at akademikong pagganap. Ipinapahiwatig nito na ang personal na katangian ng mga mag-aaral ay hindi sapat na batayan ng tagumpay sa pag-aaral. Sa halip, mas dapat bigyang-pansin ang mga pedagogikal at panlabas na salik gaya ng kalidad ng pagtuturo, suporta mula sa pamilya, at akses sa learning resources. Bilang tugon, iminungkahi ang programang pang-interbensiyong "Tulong Aral: Isang Programang Pang-akademikong Suporta para sa mga Mag-aaral ng Open High School Program" na naglalayong palakasin ang kasanayan at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *remedial classes*, *learning journals*, at interaktibong gawain. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng implementasyon ng OHSP at pagdisenyo ng mga programang nakatuon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa edukasyong inklusibo at dekalidad.

Susing Salita: *Open High School Program, Academic Performance, Demographic Profile, Interbensiyong Pang-akademik*

PANIMULA

Isa sa mga kontemporaryong isyu na kinakaharap sa larangan ng edukasyon ay ang paglutas sa suliranin ng mga mag-aaral na nakakaranas ng iba't ibang mga hadlang at hamon sa kanilang pag-aaral. Ang mga ito ay ang kakulangan sa *learning materials* at mga pasilidad, suliraning pampinansyal, kawalan ng *resources at instructional barriers*. Nang dahil sa mga suliraning ito, nalilimitahan na ang mga oportunidad ng mga mag-aaral na matuto at mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan (Chan & Sidhu, 2015).

Sa kadahilanang ito, upang matugunan ang mga hadlang na naglilimita sa mga mag-aaral na matuto, nagsimulang magpatupad ang mga paaralan ng isang Open High School Program o mas kilala sa akronym na OHSP. Layunin nitong bigyan ang mga mag-aaral ng dekalidad na edukasyon sa kabila ng mga limitasyon na kanilang kinakaharap. Sa pamamagitan ng programang ito, magkakaroon sila ng oportunidad upang matugunan ang kanilang mga pang-akademikong pangangailangan nang hindi gaanong naaapektuhan ang kanilang mga gastusin sa paaralan (Education, 2006) at nababawasan ang kanilang mga gastusin sa paaralan. Sa gayon, nabibigyan sila ng pagkakataon na makapagpokus sa kanilang pag-aaral nang hindi labis na nag-aalala sa pinansyal na aspeto. Bukod sa suliraning pinansyal, apektado rin ang kainlang akademikong pagganap dahil sa kakulangan ng oras sa pag-aaral dulot ng iba't ibang salik.

Ayon sa aking pangangalap ng impormasyon, malaki ang ang naging tulong ng programang OHSP sa mga mag-aaral ngunit hindi maikakailang kahit nandiyan na ang programa, marami pa rin ang mga hamon na kinakaharap hindi lang ng mga mag-aaral ganoon din ang mga guro, magulang at ang punongguro. Ang mga nabanggit ay higit na umaasa sa kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral ng OHSP. Dagdag pa rito ang bilang ng araw ng pagpasok ng mga mag-aaral. May ilan ang hindi pa rin puspasang nakakapasok sa klase tuwing araw ng Sabado dahil sa iba't ibang kadahilan. Kung makakapasok man, ang ilan ay hindi buo ang atensyon sa klase sa loob

ng silid dahil sa mga nabanggit: may dala-dalang bata na kailangan bantayan, may buntis, at ang ilan ay pagod galing sa trabaho. Kaya hindi nila nagampanan nang maayos ang kanilang akademikong pagganap. Ito ang mga hamong higit bigyang pansin para sa pagpapatibay ng programang OHSP.

Ang pagpapatibay ng implementasyon nito ay isang hakbang sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon. Natutugunan ng paaralan ang mga limitasyon na nakakaapekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral at nabibigyang-daan ang mga mag-aaral na makamit ang kanilang lubos potensyal na mapaunlad ang sarili.

Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan sa pagitan ng *academic performance at demographic profile* ng mga mag-aaral ng *Grade 12 Open High School Program* sa Division ng Lapu-Lapu City sa A.Y. 2024-2025 bilang batayan para sa isang istratohiyang plano ng interbensyon.

Balangkas Teoretikal


Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ni Walberg na Educational Productivity. Ang teoryang ito ay binuo ni Herbert J. Walberg noong 1992. Siya ay isang *educator* na naging *Researcher Emeritus* sa Pedagogy at Psychology sa Unibersidad ng Illinois. Ang teorya ng produktibidad sa edukasyon ni Walberg ay may pangunahing layunin na maipaliwanag at matukoy kung anong mga salik ang nakaimpluwensya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng kamalayan sa mga salik at *variable* na ito ang magpapaliwanag kung bakit hindi naaabot ng isang mag-aaral ang kanilang buong potensiyal.

Nakabase din ang pag-aaral na ito sa *DO 12, s. 2015 (Guidelines on the Early Language, Literacy, and Numeracy Program: Professional Development Component)*, at naaayon sa *President's Ten Point Basic Education Agenda*, binanggit ang linyang "every child should be a reader by Grade I," kaya pinaigtang ng Departamento ng Edukasyon ang reading program sa pamamagitan ng implementasyon ng *Early Language, Literacy and Numeracy Program*. Ang programang ito ay nakakatulong upang mapaunlad ang *literacy* at *numeracy skills* at maging ang pag-uugali ng mga kabataang Pilipino lalong-lalo na sa pagpapayaman ng kanilang *reading and numeracy skills* mula kinder hanggang Grade 3 kasunod ng *Kto 12 Basic Education Curriculum* at upang magkaroon ng sustainable at cost-effective na sistema ng pag-unlad ng propesyonal para sa mga guro.

Nakuuon din ang pag-aaral na ito sa *Deped Order No.10, s. 2024 (Outlines the Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum)*, na may layong mapaunlad ang mga mag-aaral para maging handa sa trabaho, maging responsableng

Figura 1

Iskematik Dayagram



mamamayan sa tulong ng komprehensibong pagtuturo na naglalayong mapaunlad ang mga mag-aaral sa lahat ng aspeto, na may diin sa pagiging inklusibo at mga kasanayan sa ika-21 siglo.

Nakakonekta din ito sa *Republic Act 10533* na kilala bilang *Enhanced Basic Education Act of 2013*, na isa ring makabuluhang batas na magbibigay ng reporma sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsulong ng *K to 12 program*. Nilalayon ng batas na ito na mapaunlad ang kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas komprehensibo at holistik na paraan ng pagkatuto, paghahanda sa mga mag-aaral sa mataas na edukasyon at maging sa trabaho.

Bilang karagdagan, ginamit ko ring batayan ng pag-aaral na ito ang *DepEd Order No. 54, s. 2012 "Policy Guidelines on the Implementation of Alternative Delivery Modes (ADMs)"*. Ito ay nagbibigay ng mga patnubay sa pagpapatupad ng mga *Alternative Delivery Mode (ADM)* upang matugunan ang mga problema sa access at kalidad ng edukasyon. Layunin nitong makapagbigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na makatanggap ng edukasyon sa mga hindi tradisyonal na paraan tulad ng Open High School Program.

Ang pag-aaral na ito ay konektado sa teorya ni Walberg dahil nilalayon nitong matukoy at malaman ang iba't ibang salik gaya ng edad, kasarian, *civil status* at *employment status* na nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral upang makabuo ng isang plano para sa pagpapatupad ng isang istrategiyang plano ng interbensyon na magpapaunlad sa Open High School Program na tutugon din sa kanilang mga pang-akademikong pangangailangan.

Ang teorya tungkol sa produktibidad ay nakatuon sa mga dahilan na nakakaapekto sa pag-aaral at produktibidad ng mga mag-aaral. Ayon sa kanya, mayroong siyam na salik na nakakaapekto sa produktibidad ng mga mag-aaral na tinatawag na "*Nine Factors of Productive Learning*". Ito ay ang kakayahan sa pag-unawa, motibasyon, pagsasanay at pagbabalik-aral sa natutunan, suporta ng pamilya, kakayahan ng mga guro, kapaligiran ng paaralan, pagtutulungan ng mga mag-aaral, paggamit nang wasto sa oras, at ang pagtatasa at pagsusuri ng kanilang pag-aaral.

Ayon kay Walberg, ang mga ito ay nakakaapekto sa pagiging produktibo ng mga mag-aaral na dapat pagtuunan ng pansin ng mga guro, magulang at higit sa lahat ng mga namamahala ng mga institusyong pang-edukasyon.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan sa pagitan ng *academic performance* at *demographic profile* ng mga mag-aaral sa Grade 12 Open High School Program sa Division ng Lapu-Lapu City sa A.Y. 2024-2025 bilang batayan para sa isang programang estratehikong pang-interbensyon.

Tinitiyak na matugunan ang layong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang *demographic profile* ng mga mag-aaral sa Grade 12 Open High School Program sa mga sumusunod na aspeto:
 - 1.1 Kasarian
 - 1.2 Edad at
 - 1.3 *Civil Status*
 - 1.4 *Employment Status*
2. Ano ang *academic performance* ng mga mag-aaral sa Grade 12 Open High School Program sa mga sumusunod na larangan ng pag-aaral:
 - 2.1 Ingles;
 - 2.2 Matematika; at
 - 2.3 Siyensiya
3. Mayroon bang malaking ugnayan sa pagitan ng *demographic profile* at ang *academic performance* ng mga mag-aaral *Grade 12 Open High School Program*?
4. Ano ang mga pangkaraniwang isyu at suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral sa *Grade 12 Open High School Program*?
5. Batay sa mga natuklasan, anong programang estratehikong pang-interbensyon ang maaaring idisenyo para mapaunlad ang Open High School Program sa Babag National High School?

Pahayag ng Nulang Hipotesis

Ho: Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng *demographic profile* at *academic performance* ng mga mag-aaral sa Grade 12 Open High School Program.

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang akademikong pagganap ng mga mag aaral ay kinikilala bilang isang mahalagang tagapagpahiwatig ng

kalidad ng edukasyon. Madalas itong ginagamit bilang batayan sa pagsusuri kung epektibo ba ang mga programa, kurikulum, at estratehiya sa pagtuturo. Gayunman, ang marka o grado lamang ay hindi sapat upang lubos na maunawaan ang sanhi ng tagumpay o pagkabigo ng mag aaral. May pangangailangan na tukuyin at pag aralan ang iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa pagganap ng mag aaral upang makabuo ng mga konkretong hakbang para sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon.

Ayon kina Hampden Thompson at Galindo (2016), may malinaw na ugnayan sa pagitan ng akademikong tagumpay at mga salik na demograpiko tulad ng edad, kasarian, katayuang sibil, at estado sa trabaho. Ipinapakita rin sa kanilang pananaliksik na ang mga mag aaral na nahaharap sa mga personal at panlipunang hadlang ay mas nanganganib na makaranas ng mababang pagganap sa paaralan.

Ang akademikong pagganap ng mag-aaral ay natural na itinuturing na isang kritikal na aspeto sa edukasyon. Ang kalidad ng edukasyon ay pangunahing sinusuri sa batayan ng akademikong pagganap ay tinitingnan bilang mahalagang tagapagpahiwatig nito. Gayunpaman, ang mga marka ng tagumpay lamang ay hindi nagbibigay ng sapat na pag-unawa sa mga sanhi ng tagumpay o pagkabigo ng mga mag-aaral, o nagmumungkahi ng mga paraan para sa pagpapahusay ng pagganap. May pangangailangang tukuyin at pag-aralan ang mga elementong maaaring makaapekto sa akademikong pagganap. Ang pag-unawa sa mga salik na ito ay maaaring magmungkahi ng ilang mga hakbang para sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon. Gayunpaman, higit sa ilang mga hadlang ang humahadlang sa mga mag-aaral na magsagawa ng mahusay sa klase na nakakaapekto sa kanilang mga akademikong pagganap. Karamihan sa mga mag-aaral na nasa elementarya ay nakakaranas ng mababang akademikong pagganap. Ang mga resulta ng ilang pag-aaral sa buong mundo ay nagpahiwatig ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng akademikong tagumpay at mga katangian ng demograpiko (Hampden-Thompson & Galindo, 2016)

Sa konteksto naman ng pandemya, lumitaw ang *Modular Distance Learning* bilang isang alternatibong anyo ng edukasyon. Ayon kay Trovela (2021), bagama't may mga hamon at limitasyon, ang ganitong sistema ay tinanggap ng maraming magulang at mag aaral bilang epektibong tugon sa kawalan ng harapang klase. Naituturing itong mabisang tulay upang mapanatili ang kontinwidad ng pagkatuto sa gitna ng krisis.

Samantala, sina Lavrov at Lavrova (2020) ay naglahad na ang paggamit ng mga *self-learning module* at *e-learning platform* ay lumago at naging mas masinsin sa mga unibersidad. Ang *e-learning* ay dumaan na sa iba't ibang yugto ng pag-unlad mula sa simpleng paggamit ng teknikal na kagamitan sa pagtuturo hanggang sa mas kompleks na *educational environment* na gumagamit ng *mobile device* at *online platform*.

Sa isang pag aaral sa Turkey na isinagawa ni Keser (2024), lumitaw na ang mga mag aaral sa Open Education High School na umabot sa limandaang kalahok ay binubuo ng halos pantay na bilang ng lalaki at babae. Isinasaad sa resulta ng kanilang pag aaral na ang Open High School Program ay nagsisilbing alternatibong plataporma ng edukasyon para sa mga hindi makapasok sa tradisyonal na paaralan.

Sa Pilipinas, ang mga pananaliksik hinggil sa Open High School Program o OHSP ay karaniwang nakatuon sa mga demograpikong aspeto gaya ng edad, kasarian, at estado sa trabaho ng mga mag aaral. Gayunpaman, madalang ang mga pag aaral na masusing tinatalakay ang katayuang sibil ng mga mag aaral at ang epekto nito sa kanilang pagganap (SEAMEO, 2015). Sa lokal na konteksto, natuklasan sa pananaliksik nina Dablo (2024) sa Balingasag, Misamis Oriental, na sandaang porsyento ng mga mag aaral ay may katamtamang pagganap sa Ingles at Matematika, na nagpapakita ng pangkalahatang sapat ngunit hindi matayog na antas ng pagkatuto.

May isang pag-aaral din tungkol sa Open-High School Program sa Turkey na ang mga kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay binubuo ng 500 mag-aaral sa open education high school na nakarehistro sa pamamagitan ng mga pampublikong sentro ng edukasyon. Sa pagsusuri ng demograpikong impormasyon ng mga kalahok, makikita na 238 sa kanila ay lalaki at 262 ay babae (Keser, 2024).

Mayroon ding ebalwasyong isinagawa ang Seameo Innotech (2012-2014) noong papasok ang taong 2013 kaugnay ng kanilang suporta sa implementasyon ng K to 12 ng DepEd. Sinuri dito kung mabisang alternatibong *delivery mode* ang OHSP, ang kalakasan at kahinaan ng akademikong pagganap nng mga mag-aarala sa OHSP kung ihahambing sa regular na mga mag-aaral sa sekundarya at ang mga posibleng aspeto na dapat pagtuunan at mas tumugma sa kurikulum ng K to 12. Dito napag-alaman na ang OHSP ay isang mabisang alternatibong *delivery mode* para sa mga mag-aaral na nangangambang huminto sap ag-aaral at ng mga matagal nang hindi nakapag-aral na nagnanais makapagtapos ng sekundarya. Ito ang natukoy na solusyon mara matugunan ang mga hamon ng ilang mga kabataan. Ang OHSP ay isang mahalagang mekanismo sa pagpapatupad ng adhikain ng *DepEd na Education for All (EFA)*.

Sa konteksto ng Babag National High School, ang kasalukuyang pag aaral ay naaayon sa mga naunang pag aaral na nagsusuri sa implementasyon ng OHSP. Layunin nitong mas mapalalim ang pag-unawa sa mga personal na kalagayan ng mga mag aaral at kung paano ito magkakaroon ng implikasyon sa kanilang akademikong pagganap.

Ang OHSP ay isang programang inisyatibo ng Kagawaran ng Edukasyon na nilalayong tugunan ang pang-edukasyong pangangailangan ng mga kabataang tumigil sa pag-aaral at ng mga mag aaral na nasa panganib na huminto. Ito ay nakatuon sa pagbibigay ng *flexible, accessible*, at dekalidad na edukasyon para sa mga may limitasyon sa oras, pinansyal na kakayahan, o personal na kalagayan. Batay sa *feasibility study* nina Castino, Macabacyao, at Colastre (2025), may malinaw na pangangailangan sa OHSP sa mga komunidad, lalo na sa mga lugar kung saan mataas ang bilang ng mga batang huminto sa pag aaral. Ang datos mula sa kanilang pag aaral ay nagsasaad ng dalawampu't apat na *out of school youth* at labing walong mag aaral na nanganganib na huminto, na nagpapakitang may sapat na batayan upang palakasin ang pagpapatupad ng OHSP sa lokal na antas.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga literatura at naunang pag aaral na ang pagganap ng mag aaral ay hindi lamang produkto ng kanilang katalinuhan, kundi resulta rin ng ugnayan ng mga salik panlipunan, personal, institusyonal, at estruktural. Ang mga impormasyong ito ay nagsisilbing pundasyon sa pagbuo ng mga konkreting estratehiya upang higit pang mapaunlad ang Open High School Program at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas inklusibo at responsableng paraan.

METODOLOHIYA

Ang seksyong ito ay nagbibigay-daan sa mananaliksik at sa mga mambabasa na kritikal na suriin ang kabuuang bisa at pagiging maaasahan ng pag-aaral. Naglalaman ito ng disenyo ng pananaliksik, kapaligiran, mga respondente, pamamaraan ng pangangalap ng datos, istatistikal na paggamot, at mga pagsasaalang-alang sa etikal.

Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *Quantitative Method with a Descriptive-Correlational Approach supported by Qualitative Informative*. Ang kwantitatibong pamamaraan ay tumutukoy sa isang paraan ng pag-aaral kung saan ang numerikal na datos ay kinokolekta at ina-analyze upang sagutin ang mga katanungan ng pananaliksik. Ito ay nag-aabot sa paggamit ng mga estadistikong pamamaraan upang suriin at bigyang-kahulugan ang mga datos. Deskriptibo-korelasyonal na disenyo ay naglalayong ilarawan at buoin ang mga katangian o *phenomena* nang hindi nagmamaniplula ng mga *variable* o nagtatag ng mga kaugnayang sanhi-at-bunga, at sumasaliksik sa relasyon ng dalawang o higit pang mga *variable*. Sa pagsasama ng dalawang mga pamamaraan na ito, maaaring ilarawan ng mga mananaliksik ang mga *variable* ng interes at suriin ang kanilang mga relasyon. Sa kabilang banda, ang kwalitatibong impormasyon naman ay nagbibigay ng detalyadong pag-intindi at malalim na pananaw sa karanasan, opinyon, o perspektibo ng mga indibidwal. Sa disenyo ng pananaliksik na ito, ang kwalitatibong datos ay ginagamit kasabay ng kuantitatibong pamamaraan upang magdagdag ng konteksto, paliwanag, o interpretasyon sa mga kuantitatibong natuklasan. Ang pagsasama ng mga kwalitatibong datos na ito ay nagpapalakas sa kabuuan ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagdaragdag ng lalim at kasiglahan sa pagsusuri.

Sa kabuuan, ginamit ang disenyong ito sa pag-aaral upang kwantitabong malaman ang ugnayan ng *demographic profile* at *academic achievement* ng mga mag-aaral at kwalitatibong malaman kanilang mga hinaing at opinyon hinggil sa *Open High School Program* upang makabuo ng isang istratohiyang plano ng interbensyon sa pagpapatupad ng *Open High School Program* na makakatugon sa kanilang pang-akademikong pangangailangan.

Kapaligiran

Ang pag-aaral ay isasagawa sa Babag National High School na matatagpuan sa Lapu- lapu City, Cebu. Ang Lungsod ng Lapu-lapu ay isang mataas na urbanisadong lungsod sa gitnang rehiyon ng Visayas sa Pilipinas. Ito ay may populasyon na 497, 604 katao humigit-kumulang. Sa partikular, ang Babag National High School ay kabilang sa mga pampublikong paaralan sa Lapu-lapu City. Ang mataas na paaralang BNHS-SHS ang may pinakamalaking populasyon ng mga mag-aaral na nag-aalok ng *Junior High School* at *Senior High School* kasama na ang mga programa ng *Alternative Learning System (ALS)*, *Open-High School Program (OHSP)* at *Night High School*.

Sa kasalukuyan ang paaralan ay may kabuuang **7,524** kung saan **1,622** ay mula sa *Senior High School*. Mayroong humigit kumulang 250 guro (177 sa JHS at 73 sa SHS) at may labindalawang gusali - siyam para sa JHS at tatlo naman sa SHS. Dahil sa kakulangan ng mga silid-aralan, may dalawang *shifts* na sinusunod ang paaralan. Ang pang-umagang *shift*, mula ala-sais ng umaga hanggang sa alas dose ng tanghali. Ang panghapon na *shift*, mula ala-una ng tanghali hanggang alas otso ng gabi.

Sila ay ginagabayan ng Core Values ng Departamento ng Edukasyon: pagmamahal sa Diyos; pagmamahal sa kapwa tao at sa iba; pagmamahal sa kalikasan; at pagmamahal sa bayan.

Respondente

Ang mga repondente sa pag-aaral ay pipiliin mula sa mga mag-aaral sa ika- labindalawang baitang ng Babag National High School. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay dalawampung Grade 12 OHSP na estudyante na napili nang

sapalaran.

Dagdag pa rito, sa pag-aaral na ito, ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga *survey questionnaire* ay kinolekta, at ito ay hindi naglalaman ng anumang pisikal o emosyonal na panganib para sa mga estudyante. Matapos maaprubahan ng punong-guro ng paaralan at pumayag ang mga magulang sa pag-aaral, ipinadala ang mga katanungan sa survey sa mga respondente.

Sa huli, pagkatapos sagutan ang mga talatanungan, agad na kinolekta ang mga sagot, at may kalayaan ang mga respondente na humiling ng kopya ng kanilang mga sagot sa sarbey.

Instrumento

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang *researcher-made survey questionnaire* bilang pangunahing instrumento ng pangangalap ng datos mula sa mga respondente.

Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral ay nahahati sa limang bahagi upang masusing matukoy ang mga aspeto ng Open High School Program (OHSP). Ang mga ito ay ang sumusunod: demograpikong propayl (kasarian, edad, katayuang sibil at katayuan sa trabaho), akademikong pagganap sa Ingles, Matematika at Agham, ugnayan ng demograpikong propayl sa akademikong pagganap, mga isyu at suliranin, at mga programang estratehikong interbensyon. Inaasahan na ilalagay nila ang tsek (✓) sa kahon na tumutugma sa kanilang mga kasagutan.

Upang matiyak ang bisa at kredibilidad ng talatanungan, ito ay isinailalim sa pagsusuri ng tatlong dalubhasang guro sa asignaturang Filipino ng paaralan. Sinuri nila ang kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral, ang kalinawan at kahusayan sa pagbuo ng mga tanong, pati na rin ang antas ng kognitibong kasanayan na sinusukat ng bawat tanong. Dumaan sa masusing rebisyon ang talatanungan batay sa mga obserbasyon at mungkahi ng mga eksperto upang matiyak ang kalidad nito bilang instrumento sa pagkalap ng datos.

Ang masusing pagsusuri at rebisyon ng talatanungan ay mahalaga upang matiyak na ang mga datos na makakalap ay tumpak, maaasahan, at makakatulong sa pagpapabuti ng OHSP. Ang proseso ng pagsusuri ng mga eksperto ay nagsisiguro na ang mga tanong ay angkop at epektibo sa pagkuha ng kinakailangang impormasyon mula sa mga respondente.

Pangangalap ng Datos

Upang makuha ang kinakailangang datos para sa pananaliksik na ito, ginamit ng mananaliksik ang *researcher-made survey questionnaire* bilang pangunahing instrumento sa pagtukoy sa ugnayan ng demographic profile sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral gayundin ang pagtukoy sa mga suliranin at isyung kinakaharap, upang makagawa ng isang istrategyang plano ng interbensyong mapakikinaabangan ng mga mag-aaral. Nahati sa tatlong yugto ang proseso ng pangangalap ng datos: Bago ang pangangalap ng datos, habang nangangalap ng datos, at pagkatapos ng pangangalap ng datos.

Pre-Data Gathering. Sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay sumasailalim sa ilang yugto. Pagkatapos ng pagdinig sa disenyo, ang mananaliksik ay kailangang sumunod sa iminungkahing at komentong mga punto ng panel. Pagkatapos ay nagsumite ang mananaliksik ng isang *transmittal letter* na naka-address sa Dean ng Graduate School of Education para sa opisyal na pag-apruba sa pagsasagawa ng pag-aaral. Pagkatapos ng yugto ng pag-apruba, isusumite ng mananaliksik ang pag-aaral sa *Institutional Review Board (IRB)* para sa pagsusuri ng mga etikal na pagsasaalang-alang at kapag naaprubahan, bibigyan ng *Notice to Proceed (NTP)*.

Actual Data Gathering. Sa partikular, pagkatapos ng proseso sa IRB, hahanapin ng mananaliksik ang pag-apruba sa Dibisyon ng Lungsod ng Lapu-Lapu para sa opisyal na pagsasagawa. Ang isang hiwalay na *transmittal letter* ay isusumite rin sa School Principal ng Babag National High School. Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pag-apruba, humihingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga respondente, kung gusto ba nilang lumahok o hindi.

Pagkatapos nito, bago pinasagutan ang mga *survey questionnaire* sa mga respondente, ipinaliwanag muna ng mananaliksik ang mga alituntunin sa pagsagot sa *survey questionnaire* at binigyang-diin na may karapatan silang bawiin ang kanilang mga sagot at pawang para sa pananaliksik lamang gagamitin ang kanilang mga sagot.

Post Data Gathering. Pagkatapos ng pangangalap ng datos, ang datos ay sinusuri sa istatistika at bibigyang-kahulugan gamit ang mga nabanggit na pang-estadistikang paggamot. Ang *Data Privacy Act* ay sinunod sa buong pag-aaral upang maiwasan ang maling paggamit ng impormasyon. Ang lahat ng mga datos na nakalap ay napapanatiling pribado ng mananaliksik. Sa halip na lagyan ng *label* ang mga pangalan, ginamitan ito ng *coding* para sa *anonymity*. Samakatuwid, ang lahat ng kinakailangang aksyon na isinagawa ay para sa kapakanan ng mga sumasagot.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isang mahalagang hakbang sa anumang pananaliksik upang masusing maunawaan ang mga impormasyon at makuha ang mga mahalagang konklusyon. Sa kasong ito, ang mga sumusunod na estadistikal na pamamaraan ay ginamit upang masuri ang iba't ibang aspeto ng datos: frequency at percentage, weighted mean at standard deviation, at Chi Square Test. Ang mga metodolohiyang ito ay napiling gamitin upang mapalalim ang pagsusuri sa mga aspeto ng demograpikong impormasyon, akademikong pagganap, at ugnayan ng mga baryabol sa pananaliksik.

Upang matiyak ang pagiging angkop ng mga istatistikal na pamamaraan na ginamit, ang mananaliksik ay kumonsulta sa isang eksperto at propesyunal na *statistician*. Sa tulong ng kanyang gabay, naging sistematiko ang pagpili ng mga estadistikang angkop sa uri ng datos at layunin ng pag aaral. Nakatulong din ito upang masigurong wasto ang interpretasyon sa mga numerical na resulta at maiwasan ang maling pagbibigay kahulugan sa mga ugnayan o kawalan nito sa pagitan ng mga baryabol.

Ang *frequency* at *percentage* ay ginamit upang ilarawan ang *demographic profile* ng mga respondente. Sa pamamaraang ito, binibilang ang dami ng mga sumagot ayon sa bawat kategorya at ipinapahayag ito bilang porsyento upang mailahad nang mas malinaw ang distribusyon ng mga katangian ng mga kalahok, tulad ng edad, kasarian, katayuang sibil, at katayuan sa trabaho. Halimbawa, kung tatlumpung porsyento ng mga respondente ay nasa edad labing walo hanggang dalawampu't apat, malinaw nitong ipinapakita ang dominanteng grupo ng mga kalahok batay sa edad. Ang ganitong uri ng pagsusuri ay nakatutulong sa pagbibigay ng konkretong larawan ng komposisyon ng mga kalahok sa pag aaral.

Samantala, ang *weighted mean* at *standard deviation* ay ginamit upang masukat at mailarawan ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag aaral sa mga asignaturang Ingles, Matematika, at Agham. Ang *weighted mean* ay isang anyo ng average na isinasaalang-alang ang bigat ng bawat obserbasyon, na nagbibigay ng mas eksaktong representasyon ng pangkalahatang marka ng isang pangkat. Sa kabilang banda, ang *standard deviation* ay sumusukat sa lawak ng pagkalat ng mga marka mula sa karaniwang antas o mean. Ipinapakita nito kung gaano kalawak ang pagkakaiba iba ng mga resulta ng mga mag aaral, kung saan ang mas maliit na *standard deviation* ay nangangahulugan ng mas pagkakatatulad sa kanilang pagganap, at ang mas mataas naman ay nagpapahiwatig ng mas malawak na pagkakaibaiba.

Upang matukoy naman ang ugnayan ng mga ordinal na baryabol, ginamit sa pag- aaral na ito ang *Chi Square Test*. Isa itong *statistical method* na ginagamit upang masuri ang categorical data, lalo na ang pagtukoy ng mahalagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol o kung ang distribusyon ng sample ay naiiba sa isang hypothesized na distribusyon. Ito ay naghahambing ng mga naobserbahang frequency upang masuri ang posibilidad ng isang relasyon o pagkakaiba na nangyayari lamang sa pamamagitan ng pagkakataon. Sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang *Chi Square Test*, natutukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, halimbawa, kung may kaugnayan ang oras ng pag-aaral ng mag-aaral sa kanilang grado. Sa pagsusuring ito, isinasaalang alang ang *null hypothesis* na walang ugnayan ang dalawang baryabol, at ang alternatibong hypothesis na nagsasaad ng pagkakaroon ng ugnayan.

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng *frequency* at *percentage*, *weighted mean* at *standard deviation*, at *Chi Square Test* ay nakatulong sa pagbibigay ng mas malalim at masusing pagsusuri sa mga nakalap na datos. Ang mga ito ay naging mahalagang kasangkapan sa pag-unawa ng mga *pattern*, ugnayan, at pagkakaiba iba ng datos, na nagsilbing pundasyon sa pagbuo ng mga konklusyon at rekomendasyon para sa pananaliksik na ito. Ang gabay mula sa isang propesyunal na *statistician* ay naging susi rin sa pagbibigay ng higit na kredibilidad at katiyakan sa integridad ng pagsusuri.

Etikal na Konsiderasyon

Ang pag-aaral ay ginawa alinsunod sa mga alituntunin na nakasaad sa Deklarasyon ng Helsinki (World Medical Association, 2013). Ang pag-apruba ay nakuha mula sa *Research and Ethics Committee ng University of the Visayas*, na may *Reference No. NPMAED2025-03* noong *Ika-18 ng Hunyo, 2025*. Bukod dito, ang pag-aaral ay kinasasangkutan ng mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral sa paaralan ng *Babag National High School-Senior High School*. Bago kumpletuhin ang mga talatanungan, makakatanggap ang mga kalahok ng isang liham ng pahintulot na naglalaman ng layunin ng pag-aaral, mga pamamaraan, mga panganib at benepisyo, mga hakbang para sa pagiging kompidensyal, boluntaryong pakikilahok, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Walang ibibigay na pinansyal na insentibo para sa pakikilahok. Ang mga may-akda ay nagdedeklara ng walang mga salungat na interes.

Sa pagsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga liham ng pahintulot; ang paglahok ay boluntaryo, at magkakaroon ng opsyon ang mga kalahok na tumanggi sa pag-aaral anumang oras nang hindi nahaharap sa anumang negatibong konsekwensya. Bukod pa rito, titiyakin ng pag-aaral na mapanatili ang pagiging kompidensyal ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagpapanitiling kompidensyal ng anumang mga

sagot at pagprotekta sa datos mula sa hindi awtorisadong pag-akses. Alinsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga pormularyo ng pahintulot; ang paglahok ay magiging boluntaryo, at magkakaroon ang mga kalahok ng opsyon na umatras mula sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang negatibong kahihinatnan. Bukod dito, bilang isang guro at mananaliksik, papanatilihin ang kaligtasan ng mga mag-aaral mula sa anumang posibleng pinsala o panganib na maaaring mangyari sa panahon ng proseso ng pananaliksik.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang bahaging ito ay naglalarawan sa resulta ng mga pagsisiyasat gamit ang mga datos mula sa *survey questionnaire* at nilapatan ito ng interpretasyon at ibang kaugnay na pag-aaral.

Demograpikong Propayl ng mga Mag-Aaral Sa Open High School

Ipinapakita ng sumusunod na apat na talaan ang *demographic profile* ng mga mag-aaral sa Open High School sa aspeto ng Kasarian, Edad, Katayuang Sibil at Katayuan sa Trabaho.

Talahanayan 1

Propayl ng mga Mag-aaral

Baryabol	Kategoriya	Frequency	Percentage
Kasarian	Lalaki	4	20.00
	Babae	16	80.00
Edad	15-18	4	20.00
	19-21	10	50.00
	22 Pataas	6	30.00
Katayuang	Walang Asawa	19	95.00
Sibil	May Asawa	1	5.00
Katayuan sa Trabaho	May Trabaho	8	40.00
	Walang Trabaho	12	60.00

Note. $n=20$

Batay sa datos, karamihan sa mga kalahok sa pag-aaral ay mga babae. Ipinapakita nito na may mas mataas na partisipasyon ang mga kababaihan sa pananaliksik na ito, na maaaring nagpapahiwatig ng kanilang mas aktibong pakikilahok sa mga usapin ukol sa edukasyon, trabaho, o iba pang isyung panlipunan. Ayon kay Morley (2016), ang kababaihan ay mas madalas na lumalahok sa mga akademikong aktibidad at panlipunang interaksyon, na maaaring magbigay ng mas mataas na representasyon sa mga pag-aaral.

